

**Opisina ng Alkalde para sa Pabahay at Pag-unlad ng
Komunidad (Mayor's Office of Housing and Community
Development)**

Lungsod at Lalawigan ng San Francisco



London N. Breed
Mayor (Alkalde)

Kate Hartley
Direktor

MGA MATALAS ITANONG (FREQUENTLY ASKED QUESTIONS, FAQ)
**Pagsubaybay sa Pagsunod sa mga Itinatakda ng Mga Programa para sa
Pagmamay-ari ng Bahay (Homeownership Programs) ng Opisina ng Alkalde
para sa Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad (Mayor's Office of Housing
and Community Development)**

1. **Paano ipinatutupad ang proseso ng Pagsubaybay sa Pagsunod sa mga itinatakda ng Mga Programa para sa Pagmamay-ari ng Bahay (Homeownership Programs Compliance Monitoring)?**
Sumusubaybay o nagmomonitor ang Opisina ng Alkalde para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad (Mayor's Office of Housing and Community Development, MOHCD) upang matiyak na nananatiling mga may-ari at siya ring naninirahan (owner-occupants) ang mga tumanggap ng pautang, at mayroon pa ring homeowner's insurance policy (polisiya sa seguro ng may-ari ng tahanan) sa kasalukuyan. Regular na nagsasagawa ang MOHCD ng mga pagbibigay ng sertipikasyon. Kapag nagpadala sa koreo ng mga liham na nagbibigay ng sertipikasyon, kailangang sumagot ang homeowner o may-ari ng bahay sa loob ng tatlong (30) araw. Pag-aaralan ng MOHCD ang impormasyong isusumite ng may-ari ng bahay at kokontakihin lamang ang may-ari kung kailangan ng karagdagang impormasyon.
2. **Saan ko mahahanap ang impormasyon tungkol sa proseso ng pagmomonitor at saan ako makakukuha ng kinakailangang mga form (sinasagutang papel)?**
Puwede ninyong ma-download ang impormasyon at ang kopya ng kinakailangang mga form sa website

ng MOHCD na nasa: <http://sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring>

3. **Magbibigay ng MOHCD ng pagsasanay na harap-harapan (in person training) at impormasyon tungkol sa proseso ng pagmomonitor?**
Oo! Nagsasagawa ang MOHCD ng sesyon para sa pagbibigay-impormasyon bago ang bawat paglulunsad ng kampanya. Ginagawa ang sesyon na ito sa 1 South Van Ness Avenue, 5th Floor (ika-5 Palapag). Pakitingnan ang webpage ng Homeowner Compliance Monitoring para sa mga espesipikong detalye: <http://sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring>. Limitado ang espasyo sa mga sesyon para sa pagbibigay impormasyon, kaya't mangyaring mag-RSVP (magsabi kung pupunta) bago ang nakasaad na petsa sa webpage ng Homeowner Compliance Monitoring. Puwede rin kayong mag-RSVP sa pamamagitan ng pag-iwan ng mensahe sa isa sa mga linya ng telepono na para sa pagbibigay ng mensahe na nakalista sa ibaba, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng email. Siguradohin iiwan ang inyong pangalan, adres, bilang ng dadalo, at ang mas gusto ninyong wika.

Voicemail (mensahe):	Email:
Filipino: (415) 701-5622 Tsino (415) 701-5623 Espanyol: (415) 701-5624 Filipino: (415) 701-5570	mohcd.compliance@sfgov.org

4. Paano ko maipadadala ang aking mga dokumento para sa homeownership compliance monitoring sa MOHCD?

- Kompletuhin, pirmahan at i-scan ang ang **Occupancy Certification Form (Form para sa Pagbibigay ng Sertipikasyon ng Pagtira sa Tahanan)**.
- Ipagsama ang form at kinakailangang mga dokumento sa **iisang PDF na dokumento**.
- Bigyan ng pangalan ang inyong PDF na dokumento sa pamamagitan ng pangalan ng inyong kalye, numero ng tahanan sa kalye, at numero ng unit (kung naaangkop).

Halimbawa, kung ang address ninyo ay 2103 Market, Unit 301, papangalanan ninyo ang file na "Market 2103 unit 301" o "Market 2103" kung walang numero ng unit.

- Sa pinaka-ibaba ng webpage ng Homeowner Compliance Monitoring webpage (www.sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring) piliin ang asul na button na "I-upload ang inyong PDF sa folder para sa Pagsubaybay sa Pagmamay-ari ng Tahanan (Homeownership Monitoring)." Hihilingin sa inyo ng ShareFile na gumawa ng account.

I-upload ang inyong PDF sa folder para sa Pagsubaybay sa Pagmamay-ari ng Tahanan (Homeownership Monitoring). Hihilingin sa inyo ng ShareFile na gumawa ng account.

<https://sfgov.sharefile.com/share/getinfo/r5a2ee6d527b41c1a>

Ito ang mas pinipiling paraan, at ang pinakaligtas na paraan upang maisumite ang inyong dokumento sa MOHCD.

5. Pwede ko bang elektronikong isumite ang aking mga dokumento para sa homeownership compliance monitoring sa pamamagitan ng email?

Hindi ligtas na paraan ng pagsusumite sa inyong personal na impormasyon ang email. Paki-upload ang inyong mga dokumento sa webpage ng Homeowner Compliance Monitoring sa: <http://sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring> at sundin ang mga direksiyon na nasa itaas.

6. Pwede ko bang isumite ang aking mga dokumento para sa homeownership compliance monitoring sa pamamagitan ng US mail o nang personal?

Bagamat hindi ito ang mas pinipili naming paraan, puwede ninyong isumite ang inyong mga dokumento nang personal o sa pamamagitan ng koreo sa:

**Attn: MOHCD Homeownership Compliance
Mayor's Office of Housing and Community
Development 1 South Van Ness Ave., 5th Floor
San Francisco, CA 94103**

7. Kailangan ko bang isumite ang lahat ng hinihiling na dokumentasyon?

Oo! Kinakailangan ang lahat ng dokumento. Kapag nabigo kayong isumite ang isa sa mga hinihiling na dokumento, hindi niyo masusunod ang programa na tumulong sa inyo sa pagbili ng

inyong bahay.

Para matiyak na kompleto ang inyong sagot:

- Kompletong sagutan ang form para sa pagbibigay ng sertipikasyon;
- Papirmahin ang lahat ng may-ari sa sertipikasyon na form;
- Tiyakin na malinaw na nakikita ang inyong pangalan at adres sa mga dokumentong nagbibigay-suporta, kagaya ng inyong Driver's License (lisensya sa pagmamaneho) o Identification Card (card na nagpapatunay ng identidad) ng California, mga statement mula sa PG&E, deklarasyon ng seguro, singil para sa HOA, kung naaangkop, at buwis para sa ari-arian (property taxes).
- Tiyakin na inilista ng inyong deklarasyon ang MOHCD bilang karagdagang loss payee (babayaran din sakaling magkaroon ng pinsala sa tahanan):
City and County of San Francisco Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD), Its successors and/or assigns (ISAOA), 1 South Van Ness Avenue, 5th Floor, San Francisco, CA 94103
- Kailanang may petsa ang mga pahayag na nasa loob ng 60 araw bago ang petsa ng pagbibigay ng sertipikasyon.
- Isumite ang lahat ng pahina ng mga hinihiling na dokumento.

HINDI tatanggapin ang substitusyon ng ibang uri ng dokumento kapalit ng hinihiling na impormasyon.

8. Paano ko makokontak ang Pangkat para sa Pagtiyak ng Pagsunod sa mga Patakaran (Compliance Team) ng MOHCD?

Pwede kayong pumunta at makipagkita sa amin nang personal sa sesyon para sa pagbibigay-impormasyon na nakapaskil sa webpage ng Homeowner Compliance Monitoring: www.sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring. Paki-RSVP (magsabi kung pupunta) sa pamamagitan ng pagtawag sa isa sa mga numerong nakalista sa ibaba bago ang huling araw ng pagsusumite. Pakitandaan na ***hindi*** tumatanggap ang MOHCD ng mga walk-in (walang nakatakdang pagkikita) na magtatanong sa opisina.

Voicemail (mensahe):	Email:
Filipino: (415) 701-5622 Tsino (415) 701-5623 Espanyol: (415) 701-5624 Filipino: (415) 701-5570	mohcd.compliance@sfgov.org

9. Nawala ko ang aking form para sa pagbibigay ng sertipikasyon. Paano ako makakukuha ng isa pa?
Puwede kayong mag-download ng kopya ng form para sa pagbibigay ng sertipikasyon sa website ng MOHCD.

1. Pumunta sa www.sfmohcd.org/homeowner-compliance-monitoring
2. Piliin ang link na "MOHCD Occupancy Certification Form."
3. I-download o i-save ang kopya ng form para sa pagbibigay ng sertipikasyon.

Kung wala kayong internet, puwede kayong kumuha ng form mula sa tanggapan o front desk ng MOHCD

na matatagpuan sa

1 South Van Ness Avenue, 5th Floor, San Francisco, CA 94103, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8am – 5pm. Pakigawan ng kopya ang inyong mga dokumento para sa monitoring compliance bago ninyo isumite ang mga ito sa MOHCD. **Walang kapasidad ang MOHCD upang gawan ng kopya ang inyong orihinal na mga dokumento at hindi na ibabalik ang mga orihinal na ito.**

10. **Naisumite ko na ang mga hiniling sa akin na mga dokumento para sa pagbibigay ng sertipikasyon, pero hindi pa komokontak sa akin ang MOHCD. Kailan ko maaasahan ang pagkontak ng Lungsod?**

Hindi kokontakin ng MOHCD ang mga may-ari ng tahanan na nakompleto na ang kanilang sertipikasyon para sa taon, maliban na lamang kung may mga tanong kami, o kailangan namin ng iba pang dokumentasyon ukol sa inyong paninirahan. Kung walang balita, mabuting balita ito!

11. **Pinauupahan ko ang pag-aari kong tahanan. Ano ang dapat kong gawin?**

Kung pinauupahan na ninyo ang pag-aaring tahanan, pakikontak agad ang MOHCD. Makikipagtrabaho sa inyo ang MOHCD para makagawa ng makatwirang iskedyul upang muli nang makasunod ang inyong pag-aaring tahanan sa mga patakaran.

12. **Paano kung wala akong hawak na mga singil mula sa PG&E?**

Pakikontak ang Pacific Gas and Electric Company (PG&E) sa 1-877-660-6789 o bisitahin ang www.pge.com upang makapagparehistro para sa online na account, at nang makahiling kayo ng kopya.

13. **Wala akong Polisiya para sa Seguro ng May-ari ng Tahanan (Homeowners Insurance Policy) o Pahina para sa mga Deklarasyon o Pahinang Nagbibigay ng Pangunahing Impormasyon (Declaration Page). Kailangan ko ba nito?**

Oo. Mahalagang panatilihin ang pagkakaroon ng pagkakasakop ng seguro para sa inyong pag-aaring tahanan. Itinatakda ng mga mortgage company (mga nagpapautang para sa pagbili ng bahay) na panatalihin ninyo ang pagkakaroon ng sapat na pagkakasakop para sa inyong tahanan, at nang maprotektahan ang interes kapwa ng bangko at ng may-ari ng tahanan, sakaling magkaroon ng sakuna, kagaya ng sunog. Pinoprotektahan ng seguro ang inyong tahanan, mga personal na pag-aari, hindi nakakabit na istruktura, personal na pananagutan, medikal na gastos, at benepisyo para sa pagkawala ng paggamit sa tahanan (loss of use benefit).

Puwede kayong manaliksik at bumili ng seguro mula sa ahensiyang nagkakaloob ng seguro. Para sa mga layunin ng pagsubaybay, itinatakda namin na magsumite kayo ng kopya ng Polisiya para sa Seguro ng May-ari ng Tahanan (Homeowners Insurance Policy) o Pahina para sa mga Deklarasyon o Pahinang Nagbibigay ng Pangunahing Impormasyon (Declaration Page). Puwede kayong humiling kopya mula sa ahensyang nagkakaloob n seguro, sa madaling salita, Farmers, Allstate, AAA, at iba pa.

14. **Bakit ko kailangang ilista ang MOHCD bilang karagdagang loss payee (babayaran din sakaling magkaroon ng pinsala sa tahanan) sa aking Homeowners Insurance Policy o Declaration Page?**

Binili ang inyong pag-aaring tahanan sa ilalim ng isa o higit pang (Mga) Programa sa Pabahay (Homeownership Program) ng Opisina ng Mayor para sa Pabahay (Mayor's Office of Housing) ng Lungsod at County ng San Francisco. Katulad ng una ninyong utang sa bahay o mortgage, itinatakda ng MOHCD na ilista ang Lungsod bilang loss payee upang magkaroon ng seguro ang interes nito sa pag-aaring tahanan. Ang nakasaad na pahayag ukol sa pagiging loss payee ay dapat ganito:

City and County of San Francisco Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD), Its successors and/or assigns (ISAOA), 1 South Van Ness Avenue, 5th Floor, San Francisco, CA 94103

15. **Kapag nagpupunta ako online para kunin ang aking impormasyon tungkol sa pagbabayad ng buwis sa ari-arian (property tax), hindi ito nagtataglay ng aking pangalan at address para sa pagpapadala ng sulat sa koreo. Ano ang ginagawa nito?** Ayon sa batas ng Estado ng California (AB 2238), hindi na lalabas ang pangalan ng property owner (nagmamay-ari ng lupa o tahanan) at ang pangalan para sa pagpapadala ng sulat sa koreo sa internet na bersiyon ng inyong singil para sa buwis sa ari-arian. Kailangang kontakin ninyo ang Tesorero at Tagakolekta ng Buwis (Treasurer and Tax Collector) o tawagan ang linya sa paghingi ng Tulong na Taxpayer Assistance sa 415-554-4400 para makakuha ng opisyal na kopya na may pangalan ng may-ari ng bahay at ng address nito para sa pagpapadala ng sulat.